# Modyul 4
# Mga Panandang Kohesiv at Pagkilala sa Teksto Batay sa Paksa, Tema, Tono, at Layon



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Natutuwa ako at patuloy pa rin ang pag-aaral mo at binabati kita sa pag-abot mo sa modyul na ito. Ibig lamang sabihin nito ay napagtagumpayan mo ang mga nauna pang mga modyul. Mga dagdag na kaalaman ang mapapasaiyo sa patuloy na pag-aaral dito. Madali lang namang gawin, hindi ba? Kailangan lang ng kaunting panahon at pagsunod sa lahat ng panuto sa ipinagagawa sa iyo.

Kung maririnig ang salitang nasyonalismo, ano kaagad ang iyong maiisip? Siguradong pagmamahal sa bayan ang unang pamasok sa isip mo ano? Maiisip mo rin sigurado ang mga bayaning nagbuwis ng kanilang buhay upang ipagtanggol ang bayan hanggang makamit nito ang sariling kalayaan. Bilang isang estudyante, alam mo ba kung paano maipakikita ang nasyonalismo?

Sa modyul na ito, tatalakayin nang mas malawak ang kahulugan ng nasyonalismo, at kalayaan. Sa pamamagitan ng dalawang paksang ito, lilinangin ng modyul na ito ang mga kasanayan sa pagbasa at gamit ng wika tulad ng pagkuha ng mga tagubilin, ang gamit ng mga panandang kohesiv, mga salitang di-lantad ang kahulugan, at mga panuring na ginagamit sa modifikasyon ng pangungusap at ang pangkalahatang impresyon sa tekstong binasa.

Sigurado akong nasasabik ka nang simulan ang modyul na ito ano? Kaya sige, halina at matuto sa bagong modyul na inihanda para lamang sa iyo.

Sige, magpatuloy ka na.

Maligayang pag-aaral sa iyo!



## *Ano ang matututunan mo?*


Sa pagtuklas mo sa modyul na ito, inaasahang nagagawa mo ang sumusunod:

**Pagsasalita**

1. Natutukoy at nagagamit nang wasto ang mga panandang pandiskurso.
2. Nakapagpapahayag ng malinaw na tagubilin
3. Natutukoy ang mga panuring na ginagamit sa modifikasyon ng pangungusap

**Pagbasa**

1. Naibibigay ang pangkalahatang impresyon sa tekstong binasa batay sa paksa, tema, tono, layon at paraan ng paggamit ng salita
2. Nakikilala at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang nagtataglay ng di-lantad na kahulugan
3. Natutukoy kung ang teksto ay narativ o argumentativ



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Bago mo simulan ang anumang mga aralin, sukatin muna natin kung anu-ano na ang mga dating kaalaman mo tungkol sa paksa ng modyul na ito:

Sundin mo ang sinasabi ng panuto:

a. Piliin sa kahon ang angkop na panandang kohesiv para sa mga patlang upang mabuo ang teksto. Isulat sa hiwalay na sagutang papel ang sagot.

Ang Nasyonalismo ay pagmamahal sa Inang Bayan at pagbibigay ng pinakamataas na halaga sa kapakanan nito. Ayon kay Claro M. Recto, pangalagaan nating lahat ang pambansang interes (1)_____ ang bunga ng ating pagpupunyagi (2) _____ kayamanang nagmula sa Maykapal ay maibalik sa tao (3) _____ lahat ng mga mamamayan ay babangon mula sa kahirapan. (4) _____ magkakaroon siya ng buhay na masagana, mapayapa at may dignidad.

Napakagandang pakinggan at makita ang isang mamamayang nagbuwis ng buhay (5) _____ sa malaki niyang pagmamahal sa kanyang bayan (6) _____ bakit may mga pagkakataon na kailangan pang matapakan ang ating pagkatao (7) _____ umusbong ang pagiging nasyonalista. Kailangan pa bang pahirapan ang bawat mamamayan bago nila maisipang ipagtanggol ang kanilang sariling bayan?

Ang pagmamahal sa bayan ay dapat na nasa puso ng bawa't isa sa atin (8) _____ ang lahat ng mga mamamayan ay tunay na mapagmahal sa sariling bayan, ang pag-unlad ng ating bayan ay makakamtan.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| dahil | kung | na | nang | at | upang |

B. Basahin ang teksto. Pansinin ang gamit ng mga salitang may salungguhit. Isulat sa sagutang papel ang PU kung pang-uri at PA kung pang-abay ang ginamit upang mamodifika ang pangungusap.

Sa pamumuno ng matapang na si Andres Bonifacio, hinangad niya na makamit ang
1
minimithing kalayaan ng bansa. Ngunit nabigo ang maraming Katipunero noong Agosto 1896
2 3
sapagkat marami sa kanila ang nabihag at namatay. Dahil sa nawalang puwersa ng Katipunero sa
4
Kamaynilan, napilitang magtago si Bonifacio. Dahil sa pangyayaring ito, mabilis na nagpasya ang
5
ibang katipunero na hindi na sila mag-aalsa laban sa makapangyarihang España. Bagamat tunay sa
6 7
pagkawala ng kanilang supremo, gumugol sila ng panahon upang alamin ang dahilan ng pagkatalo.

Nabatid na di kaya ng talim ng kanilang itak ang mapaminsalang mga armas ng España.
8
Napagkaisahang mang-agaw na lamang ng baril bago lumaban.

Noong Agosto 31, 1896 sinugod nila ang mga kwartel sa tatlong bayan sa Cavite.
9
Dito mabilis na naganap ang dapat kilalaning unang araw ng Rebolusyong Pilipino. Dahil sa
10
tagumpay ng mga manghihimagsik sa Cavite dumagsa dito ang mga makabayang Pilipinong
11
nagmula pa sa iba't ibang panig ng Luzon. Nais nilang matikman ang kalayaan at makiisa sa

Rebolusyon. Totoong nabuhayan sila ng loob. Paglipas ng maraming buwang pakikilahok,
12
dumating ang hinihintay na araw ng paglaya kaya't buong giting na iwinagayway ni Aguinaldo ang
13
bandila ng Pilipinas sa makasaysayang Kawit, Cavite noong Hunyo 12, 1898.

Kung tapos ka na, pwede mo nang kunin sa guro ang SUSI sa PAGWAWASTO. Sana maging tapat ka sa pagwawasto ng iyong papel, ha?

Natsekan mo na ang papel mo? Kung nakuha mo lahat ng tamang sagot, sabihin mo sa guro para makapagsimula ka na sa susunod na aralin. Kung sakaling may mali naman, ipagpatuloy mo ang pag-aaral na modyul na ito.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1

### Mga Panandang Kohesiv, Alam Mo Na Ba?

Layunin

1. Natutukoy at nagagamit nang wasto ang mga panandang gramatikal sa pag-uugnay
2. Nakapagpapahayag ng mga tagubilin nang buong linaw
3. Naibibigay ang pangkalahatang impresyon sa tekstong binasa – paksa, tema, tono, layon, paraan ng paggamit ng salita.

**Alamin**

Natatandaan mo pa ba kung ano ang damdaming may nasyonalismo? Tama, ito ang isang damdamin na naghahangad ng pambansang kalayaan, kasarinlan at kaunlaran. Ang taong makabayan ay nakafokus sa kapakanan at kabutihan ng bansa.

Para naman sa pampulitikang pananaw, ang nasyonalismo ay nangngahulugan ng kusang pagkilos laban sa anumang banta ng pananakop, maging ekonomik, pulitikal, o kultural. May nag-iisip din na ang nasyonalismo ay ang pagtangkilik sa sariling wika, pagmamalaki sa lahing pinagmulan, paggunita sa mga pambansang pagdiriwang na nagpapaalaala sa kasaysayan ng bansa at ang pagkakamit ng tagumpay sa larangan ng sining, paligsahan, aghan, palaro at iba pa.

Ikaw, alin sa mga kahulugang binanggit ang pinaniniwalaan mo? Sumulat ka ng sampung pangungausap na nagpapakita ng nasyonalismo sa kilos ng isang estudyante. Pagkatapos, ipakita mo sa guro ang iyong isinulat para mapahalagahan niya.

**Linangin**

Kilala mo ba si Amado V. Hernandez? Magaling! Siya nga ay isang manunulat na Pilipino. Nagtamo siya ng maraming pagkilala papuri dahil sa natatangi niyang kahuyasan sa larangan ng panitikan. Alam mo bang tinagurian si Ka Amado bilang "**Makata ng Mangagawa**". Kampeon siya ng masa dahil sa kanyang pakikibaka sa imperyalismo at pagtatanggol para sa kapakanan ng mga maliliit na mangagawa. Mababakas sa kanyang mga akda ang matinding pag-ibig sa bayan lalong-lalo na sa mga maralita. Tatlong taon matapos siyang bawian ng buhay iginawad sa kanya ang Pambansang Alagad ng Sining (national artist) noong 1973 bilang dakilang artista at manunulat. Ang

galing niya ’di ba?  Nagbigay rin siya ng sarili niyang pananaw tungkol sa nasyonalismo at pagsasarili.

Basahin at unawain mong mabuti ang kanyang isinulat at sagutin ang mga itinatanong pagkatapos.

**NASYONALISMO AT PAGSASARILI**
Ni Amado V. Hernandez

1. Si Abraham Lincoln ang nagsabi na hindi maaring dayain ang buong bayan sa habampanahon. Pagkaraan ng maraming siglo ng pagkaalipin sa pamamagitan ng kamangmangan at karuwagan, naganap ang tunay na regolusyong nasyonalista noong 1896 nang isigaw ni Andres Bonifacio ang pakikibaka alang-alang sa kalayaan. Bagaman ang kalayaang iya’y inangkin ng Estados Unidos noong 1898, namulat ang mga Pilipino na ang kanilang katubusan ay wala sa kawanggawa ng kapangyarihan banyaga, kundi nasa kanilang sariling pagkakaisa, lakas at pagsisikap.

2. Pinatingkad ni Claro M. Recto ang kamulatan ng mga Pilipino sa diwa ng kanyang mapagpalayang nasyonalismo. Kailan man ay hindi naging presidente ng Republika si Don Claro, datapwat’t mapapawi sa listahan ng mga dakila ang pangalan ng ilang presidenteng nauna at sumunod sa kanya, ang monumento ni Don Claro sa puso ng baying Pilipino ay hindi magagawang agnasin ng panahon

3. Ang liwanag ng bagong araw na tumatanglaw sa Pilipinas ay hindi na mapagdidilim ng mga pakpak ng kolonyalismo, imperyalismo, at neo-kolonyalismo. Natanggal na ang piring sa mata ng bayan at hindi na malalagyan ng tulay ng mga kasinungalingan, ng mga bulaang pangako, ng mga mamdarayang pakana ng credibility gap, sa pagitan ng sambayanan at ng mga politiko, ng mga pariseo ng bagong Sanhendrin, ng mga taliba ng templo ng Status Quo, ang templong gayong dapat maging bahay ng Diyos at ng bayan ay ginawang lungga ng mga tulisan.

4. Nahubdan na ng maskara ang mga kaaway ng bayan, at nakilala naman ng bayan ang kanyang lakas, namalas kung saan naroon ang kanyang kaligtasan at kalayaan. Nasubok niya na ang Amerika ay isang agilang mandaragit, at ang special relations na iniumang at sinagpang ng ating mga politico, mula kay Quezon hanggang kay Marcos, ay isang mariing sumpa sa baying Pilipino.

5. Natapos na ang masamang panaginip. Dapat na lamang ilagay sa isip na ang pagmamahal sa bayan ay dapat na nasa puso ng bawat isa sa atin sapagkat kung ang lahat ng mga mamamayan ay tunay na mapagmahal sa sariling bayan, ang pag-unlad ay makakamtan.

Ang binasa mo ay isang tekstong argyumentativ. Ano kaya ang kaibahan nito sa ibang uri ng teksto?

Basahin mo ito:

*Ang tekstong argumentativ ay naglalahad ng maseselan at mahahalagang usapin o isyu na mahalagang malaman ng mga tao. Nagtataglay ito ng mga palagay o kuru-kuro at mga opinyon na pinainiwalaan ng may-akda. Pinangangatwiranan din ng sumulat ang mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa o sitwasyon na lalong magpapatibay sa kanyang paniniwala.*

Balikan mo ang teksto. Anong mga isyu ang inilahad ng awtor? Tama ka, inilahad niya ang iba't ibang isyu tungkol sa nasyonalismo at pagsasarili. Ano ang opinyon ni Hernandez sa bawat isa? Naniniwala ka ba sa kanya? Isulat mo nga ang iyong opinyon tungkol dito.

Minsan, ang tekstong argumentativ ay nagbibigay din ng mga tagubilin.


Basahin mo ang Talata Bilang 5. Ano ang itinatagubilin ng may-akda? Tama, dapat na nasa puso ng bawat isa ang pagmamahal sa bayan upang ang pag-unlad ay makamtan.

Ano ba ang tagubilin? Mga paalala, tama ka. Ang tagubilin ay mga paalala, payo o babala upang maging maayos ang kalalabasan ng mga pangyayari. Makatutulong ito upang maging maayos at hindi mapahamak ang sinuman.


Sinasabing ang nasyonalismo ay ganap na makakamit kung sisikapin ng bawat Pilipino na umunlad ang kanyang sariling kakayahan at talino at huwag nang umasa sa biyayang ipinagkaloob ng ibang bansa.

Anu-ano ang tagubiling maari mong ibigay sa kapwa mo Pilipino upang makamit ang inaasam na nasyonalismo?

Kopyahin mo sa notbuk ang dayagram sa ibaba at doon mo isulat ang iyong sagot.



Ikumpara mo nga ang sagot sa nasa ibaba. Malapit ba sa sumusunod ang sagot mo? Kung oo, ay magpatuloy ka na sa iyong pagbabasa. Kung hindi naman, basahin mo ulit ang sanaysay ni Hernandez. Unawain mo itong mabuti.




Ngayon naman ay pag-usapan natin ang pangkalahatang impresyon sa iyong kababasang teksto. May paksa, tema, layon, at paraan ng paggamit ng salita ang iyong binasang teksto. Ang paksa ay tumatalakay tungkol sa teksto.

Balikan natin ang sanaysay ni Hernandez. Ano ang paksa nito? Nasyonalismo di ba?

Ang <u>tema</u> naman ay ang mensahe ng teksto. Sa binasang sanaysay, pagsasarili ng mga Pilipino ang tema nito.

Ang <u>tono</u> naman ay himig ng teksto na maaring masaya, malungkot, nagbibiro, nagagalit at iba pa.

Ano naman sa palagay mo ang tono ng teksto ni Hernandez? Tama, nagagalit na may pagtuligsa ang kanyang tono.

Samatala, ang <u>layon</u> ng teksto ay ang kaisipang nais paratingin ng sumulat sa mga mambabasa. Sa tekstong iyong binasa, ang layon ng sumulat ay mangatwiran at ang paraan ng paggamit niya ng salita ay formal sapagkat formal ang tono ng teksto.

Balikan mo ang tekstong iyong binasa. Pansinin ang mga salitang may salungguhit sa teksto.

Alam mo ba kung ano ang gamit ng mga salitang iyon sa pangungusap?

Ang mga ito ay pang-ugnay sa mga salita, parirala sa parirala at sugnay sa sugnay, di ba? Tinatawag din ang mga ito na panandang kohesiv.

Ang mga panandang kohesiv ay ginagamit upang magkaroon ng ugnayan ang mga bahagi ng teksto. May dalawang uri nito na tinatawag na ellipsis at panandang pandiskurso.

1. Elipsis - ito ay ang pagkakaltas o pag-aalis ng isang salitang bahagi ng pangungusap na hindi makakaapekto sa diwa ng pangungusap. Sa halip na ulitin ang paksa ay pinapalitan na lamang ng ellipsis. Tingnan mo kung paano ito ginamit sa pangungusap

Halimbawa:

A: Natapos mo bang basahin ang aklat?
B. Hindi pa pero plano kong tapusin…mamayang gabi. (ang pagbasa ng aklat)

2. Panandang Pandiskurso (Discourse Markers) – ang mga ito ang mga pananda o hudyat sa mga sumusunod:

a. pagdaragdag – at, saka, pati, bilang karagdagan, hindi lamang,
b. pagbabawas sa kabuuan-maliban sa, bukod sa
c. nagpapahayag ng dahilan – kay, dahil, sapagkat, bunga nito
d. nagpapahayag ng kundisyon – sana, kung, kapag, bunga nito
e. nagpapahayag ng salungat o kontra – pero, ngunit, sa halip
f. pagpapahayag ng probabilidad, kakayahan o paninindigan - maari , pwede possible, marahil, siguro,sigurado, tiyak
g. pagpapahayag ng pagbabago ng paksa – gayunman, sa kabilang dako, sa isang banda, samantala
h. pagbibigay linaw sa isang ideya, pagbubuod at paglalathala – sa madaling salita, bilang paglilinaw, kung gayon, samakatuwid, kaya bilang pagwawakas, bulang konklusyon.

**Gamitin**

Isulat ang mga panandang kohesiv na angkop sa mga patlang. Piliin ang sagot sa kahon.

**Mapagtanggol na Nasyonalismo**

Ang nasyonalismo ay ang paghahangad ng mga bansang Asyano na mapaalis ang mga kanluranin sa kanilang bansa (1)____ ipakita nila na kaya na nilang magsarili. Tama lang naman na ipagtanggol natin ang ating bansa laban sa mga dayuhan na mapagsamantala. (2) ______ karamihan sa mga Asyano ay gumagamit ng dahas para makamit ang kasarinlan (3)____ nina Andres Bonifacio (4)_____ ang iba pang miyembro ng Katipunan. Tama na ipinaglaban ng mga

Vietnamese na pag-isahin ang Hilagang Vietnam (5)_____ Timog Vietnam kahit na tangkaing pahiwalayin ito ng mga Pranses. (6)_____ sa dahas ay marami sa kanila ang namatay. (7)____ mas humanga ako kay Mohandas Gandhi, isang Indian na hindi gumamit ng dahas (80_____ siya ay nagsagawa ng matahimik na protesta (9)_____ matamo ang kalayaan ng kanilang bansa. Maihahalintulad ko siya kay Apolinario Mabini na may parehas na pananaw sa pakikipaglaban.

Katulad upang bagkus at

Ngunit pero dahil

Ihambing mo nga rito ang iyong sagot:

| | |
|---|---|
| 1. upang | 6. dahil |
| 2. dahil | 7, ngunit |
| 3. katulad | 8. pero |
| 4. at | 9 upang |
| 5. at | |

Kumusta? Nakuha mo ba ang mga tamang sagot? Kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay lagpas sa kalahati, maari mo nang ipagpatuloy ang susunod na gawain. Ngunit kung kulang sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, hinihiling kong balikan mong muli ang aralin para maunawaan mo ito nang lubos.

**Lagumin**

Narito ang lagom ng mga tinalakay natin sa Sub-aralin 1:

1. Ang tekstong argyumentativ ay naglalahad ng mahahalagang pagkukuro, paniniwala o pananaw na pinaniniwalaan ng sumulat o may-akda. Hindi niya hinihikayat ang mambabasa upang tanggapin ang kanyang mga pananaw.
2. Ang mga tagubilin ay mga paalaala o payo upang maging maganda at maayos ang mga pangyayari.
3. Nakabubuo ng pangkalahatang impresyon ang isang mambabasa sa tekstong kanyang binasa batay sa paksa, tema, tono, layon at paraan ng paggamit ng salita.
4. Ang mga panandang kohesiv na binubuo ng mga elipsis at mga pang-ugnay ay ginagamit upang magkaroon ang ugnayan ng mga ideya. Ipinakikita nito ang ugnayang may kinalaman sa panahon, lugar, sanhi, bunga, pasubali, pagtatangi, pagtutulad at alternatibo. Sa kabilang banda, may kani-kanya namang gamit ang mga panandang kohesiv.

**Subukin**

A. Lagyan ng angkop na pang-ugnay ang mga sumusunod na patlang.

Hiniling ng Estado Unidos sa Pilipinas na muling pag-aralan (1) _____ alisin ang pagbabawal sa mga Pilipino na magtrabaho sa Iraq. May mga Pilipinong pa ring gustong bumalik sa Iraq (2) _____ hindi nila magawa dahil sa ban. Ngayong nakikiusap ang U.S. (3) _____ alisin na ng Pilipinas ang ban, hindi dapat itong pakinggan ng pamahalaan (4) _____ dapat na mapanindigan ang kanyang unang naging desisyon. Maraming Pilipino ang gusto pa ring makapagtrabaho sa Iraq (5) _____ ang dapat na uang isipin ay ang kanilang seguridad 6 buhay ang higit na mahalaga sa lahat.

B. Sumulat ng isang tagubilin sa iyong kaibigan o nakababatang kapatid upang siya ay maging maayos at masikap sa kanyang pag-aaral. Pagkatapos mong maisulat ang tagubilin, maari mo itong ipawasto sa iyong titser.

Narito ang sagot sa pagsasanay A. Ihambing mo ang iyong sagot.

1. at
2. Ngunit
3. upang
4. bagkus
5. ngunit, datapwat
6. dahil

Kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay higit sa kalahati, binabati kita. Ngunit kung kulang sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, iminumungkahi kong balikan mo ang mga naunang pagsasanay. Marahil, may mga bahagi ng aralin na hindi mo pa ganap na naiintindihan. Hindi naman tayo nagmamadali ‘di ba?.

**Paunlarin**

Marahil ay natutuwa ka sa mga bago mong kaalaman at maigpagmamalaki mo ang sarili mo dahil dito. Ngayon naman ay sumulat ka ng isang maikling talata tungkol sa alinman sa mga sumusunod na paksa sa ibaba. Tiyaking maibibigay mo ang iyong mga opinyon o kuru-kuro sa iyong tekstong isusulat.

a. Ang Krisis na Hinaharap ng Bansa
b. Ang Dulot ng Maagang Pag-aasawa
c. Ang Pagpapataw ng Bagong Buwis sa mga Mamamayan
d. Ang Lumalaganap na Terorismo sa Bansa
e. Ang Epekto ng Internet sa mga Kabataan

Tapos ka na ba sa pagsulat ng iyong opinyon? Kung gayon, ibigay mo ito sa iyong guro para naman makita niya ang iyong kahusayan. Hintayin mo ang fidbak ng iyong guro ha? Anuman ang kanyang sabihin ay tiyak na makakatulong pang sa higit na pag-unlad ng iyong pagsusulat.

## Sub-Aralin 2

## Mga Panuring na Ginagamit sa Modifikasyon ng Pangungusap

**Layunin**

1. Natutukoy ang mga panuring na ginagamit sa modifikasyon ng pangungusap
2. Nakikilala at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang nagtataglay ng di-lantad na kahulugan
3. Natutukoy ang katangian ng tekstong narativ

**Alamin**

Kapag narinig mo ang salitang narativ, ano ang maiisip mo? Tama ka! Ang ibig sabihin nito ay magkukwento o magsasalaysay. Ang salitang "narrative" ay mula sa salitang Latin na "narrare" na ang kahulugan ay pagsulat na ang istilo ay pakwento o nagsasalaysay. Ang tekstong narativ ay may sunud-sunod na pangyayari, na maaring tunay o 'di kaya'y kathang–isip lamang. Ang tunay na kwento o salaysay ay hango sa tunay na buhay samantang ang kathang-isip na kwento ay hango sa naman sa imahinasyon ng manunulat.

Ang tekstong narativ ay nakatuon din sa paraan ng pagsasalaysay upang maipakita, halimbawa, ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Mahalaga rin ang banghay o ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari at ang galaw at kilos ng mga tauhan. Maingat ding gumagamit ang tagapagsasalaysay ng mga salita at pananalitang malinaw, masining, at buhay na buhay.

**Linangin**

Balikan natin ang mga pahinang lumipas sa kasaysayan ng ating bansa. Sa panahon ng dating pangulong si Ferdinand Marcos, naging bahagi ang mga Pilipino ng lupit ng pakikitalad sa hamon ng buhay. Natikom ang mga bibig. Natakot at naging piping saksi ang mga mamamayan sa madilim na kinahinatnan ng bayan at lipunan.

Basahin mo at unawaing mabuti ang kuwento tungkol dito.

Sobra na! Palitan na! Ang mga salitang ito ang umaalingawngaw sa buong kapuluan nang naganap ang People Power Revolution noong Pebrero 22-26, 1986.

Buong sigla at giting na sinalubong ng mga nagkakaisang mamamayan ang nangaglalakihan at nakakatakot na mga kanyon at tangke. Dala'y makukulay na bulaklak, rosaryo at sari-saring pagkaing ibinibigay sa mga sundalo ng rehimeng Marcos. Habang may iba't ibang emosyon ang mga tao, marami ang taimtim na nagdarasal at ang iba naman ay masayang nag-aawitan ng makabayang awitin.

Patuloy naman ang pananawagan sa mga mamamayan ng mabunying si Jaime Cardinal Sin na magtungo na sa mga kampo upang paligiran at protektahan ang mga sundalong tumiwalag na sa pamahalaan. Pinapaalalahanan niya ang mga nagkakaisang mamamayan na maging mahinahon at makipagtulungan.

Naantig ang puso ng mga sundalo nang bigyan sila ng mga nagpoprotesta ng mga bulaklak at pagkain. Dahil dito, ang mga sundalo ay umurong na lang at nakiisa na rin sa mga nagpoprotesta.

Lalong nadagdagan ang lakas ng loob ng bayan nang ipahayag ng ibang mga kasapi ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas mula sa iba't ibang lugar sa bansa ang kanilang pagtiwalag sa pamahalaan. Marami sa mga ito ang sumapi sa Reform the Armed Forces Movement (RAM).

Wala nang nagawa si Marcos kaya't napilitan siya at ang kanyang pamilya na lisanin ang Malacañang noong ika-26 ng Pebrero, 1986. Sa tulong ng bansang Amerika, nakalipad sila sa Guam at pagdaka'y nagtuloy sa Hawaii. Dito nagtapos ang administrasyong Marcos.

Ika-25 Pebrero, 10:20 nang umaga nang iproklama si Gng. Corazon C. Aquino bilang kauna-unahang pangulong babae ng bansa sa Club Filipino Greenhills, San Juan, Metro Manila.

Naganap ang apat na araw na rebolusyon sa Edsa. Nagtagumpay ang mga nabinhian ng diwang Nasyonalismo dahil sa kagitingang ipinamalas ng mga Pilipino. Ang tagumpay ng mga Pilipino sa pagpapanumbalik ng demokrasya sa bansa nang walang dumanak na dugo ay nagpamangha sa buong daigdig. Tiningala ng maraming bansa ang mga katangiang ipinamalas ng mga magigiting na Pilipino sa People Power I.

Ang iyong binasa ay isang uri ng tekstong narativ. Pansinin mo na sa tekstong iyon ay higit na binibigyang-diin ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari kasabay ang pagbibigay ng mahahalagang impormasyon na may kinalaman sa isang pangyayari.

Anong pangyayari ang isinalaysay? Tama ka. Ang pangyayari ay ang naganap na People Power I sa Edsa.

Ang teksto ay gumamit din ng mga salitang nagtataglay ng di-lantad na kahulugan. Tinatawag ang mga itong pahayag idyomatiko. Ang mga pahayag idyomatiko ay salita o pariralang ang kahulugan ay hindi mahahango sa pagkuha ng literal na kauhulgan ng mga salitang nasa loob nito. Sa pag-aaral ng mga pahayag idyomatiko, natuklasan na ang katuturan nito ay wala sa kahulugan ng mga salitang pinagsama kundi isang kahulugang naiiba mismo sa mga pariralang ito. Halimbawa: Ang matalas ang isip, matalas ang dila at matalas ang pakiramdam ay may iba't ibang kahulugang ipinahihiwatig. Hindi lantad ang kahulugan ng mga salitang ito. Ang matalas ang isip ay nagnangahulugang matalino, ang matalas ang dila naman ay masakit magsalita at ang matalas ang pakiramdam ay nangangahulugang sensitibo o malakas ang pang-amoy at/o pandama.

Balikan mo ang teksto. Hanapin mo ang iba pang pangungusap na may mga salitang nagtataglay ng di-lantad na kahulugan. Sipiin mo sa iyong notbuk ang mga salita at subukang ibigay ang kahulugan.

Ihambing dito ang iyong sagot.

Balikan natin ang mga pahinang lumipas sa kasaysayan ng ating bansa. Sa panahon ng dating pangulong si Ferdinand Marcos, naging bahagi ang mga Pilipino ng lupit ng pakikitalad sa hamon ng buhay. Natikom ang mga bibig. Natakot at naging piping saksi ang mga mamamayan sa madilim na kinahinatnan ng bayan at lipunan.

pahinang lumipas – nakaraan
lupit ng pakakitalad – hirap ng buhay
hamon ng buhay – pakikipagsapalaran
tikom ang bibig – hindi nagsasalita dahil sa takot
piping-saksi-nagbubulag-bulagan
madilim na pangyayari – pangit na karanasan

Kung ganito ang iyong sagot, binabati kita. Nauunawaan mo na kung ano ang mga pahayag idyomatiko o mga salitang hindi lantad ang kahulugan. Ipagpatuloy mo na ang iyong pagbabasa.

Sa tekstong narativ ay gumagamit din ng mga panuring upang mamodifika at mapalawal ang pangungusap upang lalong maging masining, malinaw at buhay na buhay ang pagsasalaysay. Basahin mo ang bahaging ito.

> Buong sigla at giting na sinalubong ng mga nagkakaisang mga mamamayan ng nakakatakot na kanyon at naglalakihang mga tangke. Dala nila'y makukulay na bulaklak, rosaryo at sari-saring pagkaing ibinibigay sa mga sundalo ng rehimeng Marcos. Habang may iba't ibang emosyon ang mga tao, marami ang taimtim na nagdarasal at ang iba naman ay masayang nag-aawitan ng makabayang awitin.

Suriin ang mga salitang may salungguhit. Mga panuring ang mga ito. Ano ang inilalarawan ng nakakatakot? Ng naglalakihan? Ng makukulay? Ng sarisari? Ang mga kasunod na pangngalan di ba?

Ano ang tawag sa mga panuring na naglalarawan sa mga pangngalan? Tama ka, pang-uri.

Pansinin naman ang mga salitang buong-sigla at giting, taimtim, masaya. Ano ang mga salitang inilalarawan ng mga ito? Tama ka, mga pandiwa nga.

Ano ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa kilos? Tama rin, pang-abay, nga!

Basahin mo ang pangungusap na ito:
**Kilalanin natin ang kontribusyon ng mga kababaihan sa pagkakamit ng kalayaan.**
Lagyan natin ng panuring para mapalawak.

Basahin mo nga.
**Kilalanin natin ang mahahalagang kontribusyon ng ating matatapang na kababaihan, sa paggamit ng inaasam-asam na kalayaan**.

Ano ang ginamit na panuring para mapalawak ang pangungusap? Okey, ang mga panuring na ginamit ay ang mahahalaga, matatapang at inaasam-asam.

Ang mga pang-abay ay panuring din. Kaiba sa pang-uri, ito ay mga salitang nagbibiay turing sa pandiwa, pang-uri at kapaw pang-abay.

Basahin mo ang pangungusap.
**Ang mga kababaihan ay gumaganap ng kanilang mga tungkulin para sa bayan.**
Palawakin natin, gamit ang pang-abay.
**Ang mga kababaihan ay buong-husay na gumaganap ng kanilang tungkulin para sa bayan**.
Ang buong-husay ay panuring na pang-abay.
Ang mga paningit o ingklitik ay mga pang-abay at ginamit sa pagpapalawak ng mga pangungusap. May dagdag na kahulugang ibinibigay ang bawat ingklitik kung ginagamit sa pangungusap.

Halimbawa ng mga ingklitic ay ba, na, sana, daw/raw, din/rin, naman, yata, pala, tuloy, nga, lamang, lang, man, muna at pa.

Suriin mo ang sumusunod.

A. Dumami ang mga tao,
   1. Dumami nga ang mga tao
   2. Dumami pa ang mga tao,
   3. Dumami yata ang mga tao.
   4. Dumami daw ang mga tao.

Alin sa mga sumusunod na kahulugan ang umaangkop sa bawat bilang?

a. Naragdagan ang bilang ng mga tao.
b. Kompirmasyon na naragdagan ang
c. Ayon sa bilang sabi-sabi, dumami ang tao.

d. Palagay na dumami ang tao.

Ganito ba ang sagot mo?

1. b
2. a
3. d
4. c

Lagyan mo ng angkop na ingklitik ang bawat pangungusap ayon sa kahulugan.

1. Dadalo _____ kayo sa seremonya (di inaasahan).
2. Kumain ____ kayo bago umalis (unahin ang pagkain)
3. Dadalo ___ kayo talaga? (kinokompirma)
4. ___ ay makasama ako (hiling)
5. Hindi pwede dahil puno _____ ang sasakyan (wala ng espasyon)

Ihambing dito ang sagot mo:

1. pala
2. muna
3. ba
4. sana
5. na

**Kalayaan, Mahalaga sa mga Pilipino**

May sarili at payak na pamahalaan ang Pilipinas bago pa man dumating at sakupin ng mga Espanyol. Nasa pamamahala na ng isang Datu ang bawat barangay. May mga batas na sinusunod kaya't maayos ang pamumuhay.

Ganito ang senaryo ng pamumuhay sa bansa ng lusubin ng mga Espanyol. Di nagpatalo ang ating lahi dahil sa magigiting na paninindigang – makabayan ipinaglaban ang ating kalayaan. Nilabanan nila nang mga banyaga kahit na walang baril at iba pang armas tulad ng sa kalaban. Buong giting na nakipaglaban si Lapu-lapu at ang kanyang mga tauhan sa hukbo ni Magellan sa Mactan at napatay niya si Magellan noong 1521.

Mahigit sa tatlong daang taong napasailalim sa malupit na pamamahala ng Espanyol ang ating bansa. Inapi, tinawag na indiyo at pinagtrabaho ng walang bayad ang ating mga kababayan.

Isinulat ni Gat Jose Rizal sa kanyang obra-maestrang nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ang mga kasamaang ginawa ng mga Espanyol. Hiningi niya ang kinakailangang pagbabago sa bansa na tanging kapalit ng kanyang buhay.

Inaresto at binaril siya sa Bagumbayan noong Disyembre 30, 1896 sa edad na 35.

Nasaksihan rin ni Andres Bonifacio ang kasamaang ginawa ng mga espanyol. Itinataga niya ang Katipunan. Sabay-sabay na pinunit ang sedula tanda ng pagkakaisang ipagtanggol ang bansa noong Agosto 26, 1896. "Mabuhay ang Pilipinas! Mabuhay ang Katipunan." Oo, ang Unang Sigaw sa Pugadlawin hudyat na nagsisimula na ang Himagsikang Pilipino. Ipinaglaban ng mga Pilipino ang kalayaan ngunit sa kawalan ng armas ay di nagtagumpay.

Hindi tumigil ang ating mga ninuno sa pangyayaring makamit ang kalayaan. Ipinagpatuloy nina Quezon, Osmeña, at Roxas ang pakikipag-ugnayan sa Amerika sa pagkamit ng kasarinlan.

Nang sumiklab ang Ikalawang digmaang Pandaigdig, sa paglalaban ng Amerika at Hapon, sinakop ang ating bansa ng mga hapones. Itinuring na "Madilim na Panahon ang apat na taong pagkakasakop sa atin ng bansang hapon.

Buong tapang na ipinagtanggol ng mga Pilipino kasama ng mga sundalong Amerikano ang ating bansa laban sa puwersa ng mga hapones. Noong Hulyo 4, 1946, ipinagkaloob sa atin ng mga Amerikano ang kalayaang minimithi.

Ilan lamang iyan sa mga mahahalagang pangyayaring nagpapatunay na mahalaga ang kalayaan sa makabayang Pilipino.

Ganito ba ang sagot mo?

| **Panuring na pang-uri** | **Panuring na Pang-abay** | **Mga Ingklitik** |
|---|---|---|
| Sarili at payak na Pamahalaan | magiting na paninindigan | kahit na walang baril |
| tatlong daang-taon | buong-giting na nakipaglaban | iba pang armas |
| obra-maestrang nobela | buong-tapang na | |
| madilim na panahon | | |
| mahahalagang pangyayari | | |
| makabayang Pilipino | | |

Kumusta? Tama ba ang mga sagot mo? Kung gayo'y binabati kita kaya't ipagpatuloy mo na ang iyong pagbabasa ngunit kung mali ang mga sagot mo, balikan mo ang Linangin.

**Lagumin**

Sa Sub Aralin 2 ay pinag-aralan natin ang mga sumusunod:

1. Ang tekstong narativ ay tekstong nagbibigay-diin ay sa pagkakasunud-sunod na mga pangyayari, kasabay ng pagbibigay ng mahahalagang impormasyon na maaring may kinalaman sa isang tao, bagay, pook, o kaya ay isang pangyayari.
2. Ang mga pahayag idyomatiko ay mga salitang hindi-lantad ang kahulugan. Madaling matukoy ang kahulugan kung susuriin ang konteksto ng gamit nito.
3. Ang tekstong narativ ay gumagamit ng mga panuring upang mamodifika ang mga pangungusap. Sa paggamit ng mga panuring na pang-uri, pang-abay, at mga ingklitik lalong nagiging magandan at masining ang pangkwento o pagsasalaysay.

**Subukin**

A. Basahin ang talata sa ibaba. Piliin sa kahon ang angkop na panuring na pang-uri, panuring na pang-abay o mga ingklitik upang mapalawak at mamodika ang mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Gregoria de Jesus

Si Gregoria de Jesus ay butihing maybahay ni Andres Bonifacio. Hindi matatawaran ang kontribusyon ni Oryang sa kapakanan ng Katipunan. Naging katuwang siya sa pagdidisensyo ng (1) _____ bandila ng katipunan na sumasagisag sa kapangyarihan ng samahan bilang tagapanguna ng pagbabago. Naging opisyal siya ng sangay pangkababaihan ng katipunan (2) _____hirap at pagod ang naranasan at tiniis niya. Ibinuwis din niya ang kanyang (3) _____ buhay dahil siya ay nagdadalantao noon, hindi siya nagdalawang-isip na tumulong (4) _____ (5) _____ sa Katipunan. Siya ang nagsilbing tagapag-ingat ng (6) _____ dokumento ng katipunan (7) _____ niyang ginampanan ang tungkuling ito dahil kong ito (8) _____ ay matatagpuan ng kastila, maari (9) _____ itong gamiting ebidensya laban sa kanila. Nang pinatay si Andres Bonifacio noong 1897, nakilala ni Oryang si Julio nakpil na naging (10) _____ asawa niya. Si Oryang ay namatay noong 1943.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| unang | matindi | marami | totoo | mahahalagang |
| buong-husay | taos sa puso | rin | daw | raw |
| pala | din | pa | pangalawa | sariling |

Ganito ba ang sagot mo?

1. unang
2. marami, matindi, totoo
3. sariling
4. pa
5. rin
6. mahahalagang
7. buong-husay, taos sa puso
8. daw o raw
9. pala, din
10. pangalawa

B. Piliin ang titik na nagtataglay ng kahulugan ng mga pahayag idyomatiko.

1. Isa sa may sinasabing familya sa kanilang barangay sina Mang Jose.
    a. mahilig magsalita
    b. mayaman
    c. madaldal

2. Naatang sa balikat ni Rommel ang lahat ng gawain nang mamatay ang kanyang ama.
    a. naibigay na tungkulin o pananagutan
    b. pinasan sa balikat
    c. inilagay sa balikat

3. Pabalat-bunga lamang ang kanyang paanyaya.
    a. hindi tapat sa loob
    b. nagbalat ng bunga
    c. totoo ang sinasabi

4. Naglubid ng buhangin ang bata upang hindi mapalo.
    a. nagpunta sa dagat
    b. naglaro ng buhangin
    c. nagsinungaling

5. Lumagay sa tahimik si Donna sa gulang na 20 taon lamang.
    a. hindi kumibo
    b. nag-asawa
    c. namatay

Ganito ba ang sagot mo?

1. b
2. a
3. a
4. c
5. b

Kung tamang lahat ang sagot mo, binabati kita.

C. Sumulat ng isang tekstong narativ tungkol sa alinman sa paksa sa ibaba. Gumamit ng mga panuring at mga salitang hindi lantad ang kahulugan.

1. Unang Araw Ko Sa Paaralan
2. Ang Aking Katext-mate
3. Ang Hindi Ko Malilimutang Karanasan

Pagkatapos mong isulat, ipakita mo ito sa iyong guro para sa angkop na pagpapahalaga.

## *Gaano ka na kahusay?*

A. I. Punan ang patlang ng mga panandang kohesiv upang mabuo ang diwa ng mga parirala, sugnay at pangungusap.

1. Isinilang ang Kilusang Reporma_______ humiling ng mga pagbabago sa España.
2. Layunin ng kilusan ang pagkilala sa Pilipinas_____ hindi dapat kilalanin ang kolonya ng España.
3. Malaki ang pag-asa ng mga reformista na______ namulat ang España sa kalagayan ng bansa, igagawad ng pamahalaan ang hinihiling na pagbabago.
4. _____ lalawigan na ng España ang Pilipinas, maituturing na mamamayang Kastila na ang mga Pilipino.
5. _____, kapantay na ng Pilipino ang Kastila at ang mga karapatang tinatamasa ng mga Kastila ay matatamasa na rin ng mga Pilipino.
6. Hiniling din ng repormista na kilalanin ang kalayaan at karapatan ng tao_____ ng malayang pananalita at pamamahayag.
7. Ang unang pangkat ng mga repormista ay itinapon sa pulo ng Marianas ____ sa kanilang pakikisangkot sa pag-aalsa sa Cavite.
8. Nagpunta ang iba sa Madrid_____ hindi na sila makakabalik sa Pilipinas.
9. Ang mga prayle naman noon ay nasa tugatog ng kapangyarihan____ hindi rin naantig ang kanilang kalooban.
10. Maraming Pilipino ang nagpamalas ng pagmamahal sa bayan____ naging sagabal ang malimit na pag-iiringan at alita ng mga kasapi.

II. Ibigay ang mga nais sabihin o kaya ay ipagawa sa mga tao ng mga sumusunod na itagubilin:

1. Signal no. 3 ang nakataas na babala ng bagyo sa Metro Manila.
2. May nakasulat sa pader na Post No Bill.
3. Larawan ng asong nasa gate ng isang bahay.
4. Larawan ng bote ng gamut na may nakadrowing na bungo.
5. Palatandaan bubuga ang Bulkang Mayon.

III. Piliin ang mga panuring na ginamit sa bawat pangungusap at ang mga salitang kanilang tinuturingan.

1. Tunay na hindi matatawaran ang kontribusuon ng kalalakihan sa ikasusulong ng pambansang pagkakaisa at kalayaan.
2. Isang kasabihan na sa likod ng tagumpay ng mga kalalakihan ay ang mga dakilang kababaihan.
3. Ang mga kababaihan ay aktibong nakikilahok sa lahat ng mga gawain.
4. Sa loob ng mahabang panahon, patuloy ang kanilang pakikiisa sa mga dakilang layunin.
5. Sila din ay hindi natatakot sa anumang panganib na kanilang susuungin
6. Ang lahat ay naghahangad ng tunay na pagbabago sa sistema ng pamahalaan.
7. pati nga sa mga bata ay iminumulat na rin ang pagmamahal sa bayan.
8. pambihirang tapang ang ipinakita ni Gabriela Silang.
9. Buong-pusong ipinagkaloob ni Melchora Aquino ang kanyang tahanan sa mga katipunero.
10. Dapat na kilalanin ang malaking kontribusyon ng kababaihan sa lahat ng bagay.

Pagbasa

1. Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Hindi maiwasan ng mga manggagawa sa pamahalaan ang paghingi ng dagdag na sahod sa pamahalaan kahit na ito ay nasa financial crisis dahil sa matinding taas ng mga bailihin at ang kanilang sinusweldo ay hindi na makasapat sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Kamakailan lamang ay nagsagawa ng noise barrage at pagpapakalbo ng mga buhok ang ilang kalalakihan at mga health workers ng Philippine General Hospital at University of the Philippines – Manila upang ipanawagan sa pamahalaan ang P3, 000 across the board salary increase.

Sakaling hindi pagtuunan, ni Ebesate ang kanilang panawagan, posibleng maubos ang mga doctor at nars sa bansa upang sa abroad magtrabaho. Humigit kumulang mayroong 3, 900 *doctors*, *nurses* at *utility personnel* na nagtatrabaho sa PGH.

Hindi man ihayag ng nagwelgang *healthworkers* ang pagkaubos ng ating mga doctor at nars sa Pilipinas, nararanasan na ito sa iba't ibang panig ng bansa.

May ilan nang baryo ang hindi man lamang nakararanas ng tulong medical, o mas, malala, ni makakilala ng nars.

Nasa kamay ng ating gobyerno ang paglalagay sa mamamayan sa kaawa-awang kalagayan. Sana ay hindi isakripisyo ang kalusugan ng mamamayan. Tulad ng maraming suliranin na dapat pagtuunan ng pansin, huwag balewalian ang kalusugan ng Pilipino.

Ibigay ang ang mga sumusunod.

a. paksa________________________________
b. tema_________________________________
c. tono__________________________________
d. layon_________________________________
e. paraan ng paggamit ng salita______________

II. Piliin ang kahulugan ng mga pahayag idyomatiko. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Si Mabini ay pumasok na <u>alilang kanin</u> makapag-aral lang.
   a. pagkain lang ang sweldo
   b. ang gagawin lang ay magsaing
   c. katulong na walang sweldo

2. Yumaman ang Donya dahil siya ay <u>ampalayang-ampalaya</u>.
   a. napakapait
   b. napakakuripot
   c. napakakunat

3. <u>Nag-aamoy-bawang</u> na kina Lorna.
   a. malapit nang ikasal
   b. bumabango ang paligid
   c. nag-gigisa

4. <u>Magkaututang-dila</u> ang magkapit-bahay ba Ising at Beth.
   a. magkatabi kung mag-usap
   b. magkamag-anak
   c. katapatang-loob

5. Nagdilang-anghel siya sa kanyang sinabi.
   a. naging mabait
   b. naging madasalin
   c. nagkatotoo ang mga sinabi

6. Sa mga kantu-kato ay makakarinig ka ng mga <u>balitang-kutsero</u>.
   a. mga tsismis at balitang hindi totoo
   b. balitang galling sa kutsero
   c. balita sa radio

7. <u>Ngiting-aso</u> ang isinalubong niya sa akin.
   a. ngiting katulad sa aso
   b. ngiting totoo
   c. ngiting paimbabaw

8. Palagi siyang <u>natutulog sa pagsitan</u> kaya di niya nalalaman ang mga nagyayari.
    a. Napag-iiwanan ng balita
    b. Sa pansitan na natutulog
    c. Palaging nasa pansitan

9. Ilista mo sa tubig ang aking mga utang sa iyo.
    a. isulat sa tubig ang utang
    b. hindi na babayaran ang utang
    c. hindi malilimutan ang utang

10. Malalim ang bulsa ng tatay ko.
    a. maraming pera
    b. kuripot
    c. mapagbigay

Ngayon ay maari mo nang kuhanin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at kung nasagutan mo nang tama ang mahigit sa kalahati ng mga katanungan, maari ka nang tumungo sa bagong aralin. Kung kaunti lamang ang iyong nasagutan nang tama, ulitin ang pag-aaral sa modyul na ito.